# Buhay na LARAWAN



NOBELA NI
ARMANDO DE GUZMAN

**Di Mapagkatulog, Hindi Mapalagay, Laging Na Sa Diwa'y Ang Kanilang Kasal.**

muli niyang narinig ang pagtunog ng timbre ng kanyang telepono.

—Sino ito...? —tanong ng doktora.

—Ako... aking mahal... Hindi ako makatulog hangga ngayon... Marahil ay dahilan sa laki ng kagalakang nag-uumapaw sa aking dibdib, dahil sa nalalapit nating pagiisang-dibdib... Nagbaka-sakali lamang ako sa pagtawag... Hindi ko iniisip na ikaw man ay hindi pa rin nakakatulog hanggang sa mga oras na ito... —sagot ni Rogel, sa kabilang dulo ng kawad.

Ibinalita ng doktora sa katipan ang pagkakamali ng nakausap niya sa telepono, may mga ilang saglit pa lamang ang nakalilipas.

—Nang malaman kong hindi ikaw ang dinukot ay saka lamang ako nakahinga ng maluwag at nakapagpasalamat sa Diyos... — sagot ni Rosella.

—Hindi itutulot ng Diyos, mahal ko, na mangyari sa akin ang gayon... sapagka't ikaw ay malulungkot at luluha... Ang mga tapat sa pag-iibigan ay inaalagaan at sinusubaybayan ng kapalaran, hanggang sa matupad ang kanilang magagandang pangarap sa buhay... —sagot naman ni Rogel.

—Ano ang gagawin mo sa araw na ito...? —tanong ng doktora.

—Ako'y hahandugan ng aking mga kaibigan ng isang "stag party" mamayang gabi. Pagkagaling ko roon ay magtutungo ako riyan, upang ikaw ay makapiling at maibalita ko sa iyo ang nangyari sa akin sa buong maghapon... —malambing na sagot ng binata.

—Kung gayo'y matulog ka na, mahal ko...

—Oo, ikaw man naman ay gayon din, aking mahal...

—Pagkagising ko ay tatawagan kita, upang ibalita ko sa iyo ang aking napanaginip...

—Gayon din ang aking gagawin, kung ako ang unang magising... —sagot ni Rosella.

Kasunod ng katagang iyan, na napinid nang magkasabay ang dalawang telepono.

Kapuwa sila nakatulog nang mahimbing at tanghali na nang mangagising.

Ilang saglit silang nagkausap sa telepono, sapagka't abut-abot na ang may sakit na naghihintay sa tanggapan ng bisita, sa malaking tahanan ng doktora.

—Pagkatapos ng party mamaya ay saka na ako pariiyan, upang magkausap tayo ng mahaba... ani Rogel.


—Hihintayin kita... Huwag ka sanang magtatagal sa *party*, sapagka't ako'y maiinip sa paghihintay sa iyo... bilin ni Rosella.

—Oo, sisikapin kong makarating diyan agad —ani Rogel naman, bago ipininid ang telepono.

KINAGABIHAN...

Sunod-sunod halos na dumating sa "Jungle Bar" ng Manila Hotel, ang matatalik

(Sundan sa pahina 81)



HINDI MALAMAN NI ROSELLA KUNG BAKIT NATULO ANG KANYANG LUHA AT MAY TAKOT NA NAMANG NAKISUNO SA KANYANG PUSO.

ang kaba ng kanyang dibdib at may takot na namang nakisuno sa kanyang puso. Gayon man ay pinilit niyang aliwin ang kanyang sarili. Ginunitâ niya ang sinabi ni Rogel... Limutin mo ang kalungkutan... Ang lagi mong alalahanin ay ang naghihintay sa ating kaligayahan pagkatapos ng ating kasal...

Pabulong niyang inuulit iyan sa sarili, habang nakatingin siya sa larawan ni Rogel, na nakapatong sa ibabaw ng kanyang tokador. Buhat sa kinatatayuan ay marahan siyang humakbang, kinuha ang larawan ng katipan, matagal na idinikit sa kanyang pisngi... pinaliguan ng halik... idinikit sa kanyang dibdib, upang marahil ay marinig nito ang ibinubulong noon ng kanyang puso... *"Rogel, aking mahal, hindi na magtatagal at matutupad din ang pangarap nating kaligayahan..."*

Patuloy na hinahagkan-hagkan niya ang larawan ng katipan, hanggang sa siya'y mahiga... Ipinatong ito sa ibabaw ng kanyang unan, at patuloy na tila kinakausap. *"Rogel, mapaligaya kaya kitang gaya ng aking pangarap...?"*

Hindi malaman ni Rosella, kung bakit naluha siya, pagkatapos na bigkasin ng pabulong ang tanong na iyan, kaya't nabasa ng luha ang larawan ni Rogel, nang ito'y muling halikan at idikit sa kanyang pisngi.

Nasa ganyang ayos si Rosella, nang muli niyang marinig na tumunog ang timbre ng kanyang telepono. Inisip niyang hindi na maaaring tumawag ang kanyang katipan, pagkatapos na magkasundo silang matutulog na. Naitanong niya sa sarili, kung sino pa ang maaaring tumawag sa kanya sa gayong oras. Wala siyang magunitang sino man. Nagawi ang kanyang mga paningin sa bukas na durungawan habang siya'y nag-iisip. Nakita niyang laganap ang di magkitang-suruting karimlan. Parang binabayo ang kanyang dibdib, habang patuloy ang pagtunog ng timbre ng telepono. Aliniangan siya ngayon, kung yaon ay dapat niyang sagutin o hindi...

(ITUTULOY)

## GININTUANG...

(Buhat sa pahina 15

sa isang taksing naghihintay at buhat noon ay iniwasan mo na ako!

—Ano naman ang napagusapan ninyo noon, Bert?

—Humingi siya nang paumanhin. Sinabi niyang siya'y nagkamali at pinagsisisihan naniya ang lahat. Hiniling niyang magkasundo kami uli!

—Hindi ko akalaing lalambot ang kanyang puso, na, sa akala ko'y singtigas ng bakal. Hindi ba ang sabi pa niya noon! *"Isa kang sinungaling, magdaraya! Ulol lamang ang buuwang papatol sa iyo! Salamat at hanggang maaga'y nakilala kita! Makaiiwas pa ako sa iyo!* At, ang iba pa niyang sinabi'y hindi ko na nga narinig dahil sa aking pagmamadaling makarating sa amin!

—Hindi nga kapanipaniwala, Fanny, nang sabihin ko sa kanyang tapos na ang lahat sa amin. Namagitan pa ang kanyang mga magulang sa amin, nguni't nagulo lamang ang aking isip pagka't nag-iisip ako noon kung bakit hindi mo ako binigyan nang pagkakataong makapagpaliwanag hinggil sa nangyari at ako'y niisan mo nang walang paalam. Buhat noon, Fanny, ay isinaisang-tabi ko muna ang pagibig. Mahirap, nguni't nagawa ko rin, hanggang sa makalipas ang ilang taon sa ating pagkakalayo. Salamat sa araw na ito ng PASKONG PAGKABUHAY, inaakala kong muling mananariwa at mabubuhay ang ating pagiibigan...

Sa huli kong pangungusap na ito'y pinagmasdan kita, Fanny. Nakita kong masaganang luha ang namamalisbis sa magkabila mong pisngi, kaya't hindi ako nakatiis. —Fanny, kung nasugatan ko ang iyong puso dahil sa kahilingan kong buhayin mo ang ating pag-iibigan, ipalagay mong wala kang narinig sa akin. Alang-alang sa iyong kaligayahan ay nakahanda akong magtiis...

—Walang sugat ang puso ko, Bert. Pinananabikan ko ngang magbalik ang ating kahapon, nguni't...

—...Huli na ang lahat, Fanny? Ganyan ba ang ibig mong sabihin?

—Oo, Bert, sapagka't naibaling ko na sa iba ang aking pag-ibig. Malapit na kaming humarap sa Dambana ng Diyos, nguni't bago ang lahat, hinihingi ko ang iyong kapatawaran pagka't ako ang maysala. Magkakalayo tayo, nguni't laban sa aking puso't kaluluwa, kaya hindi ko itinuturing na ako'y maligaya, bagaman umusbong sa

